

COVID 19

Ika-3 ng Agosto 2021

Mga Pamamaraan ng Distrito

**LAHAT NG MGA
KAWANI AT
MAG-AARAL
NG KIBSD**

Ang Distrito ng Kodiak Island Borough School ay bumuo ng planong ito batay sa impormasyon mula sa mga Centers for Disease Control and Prevention, at departamento ng kalusugan at social services, ang aming lokal na Medikal Advisory Committee, at sa pamamagitan ng masinsinang pagsusubaybay ng antas ng pagkahawa sa ating komunidad. Ang planong ito ay napapailalim sa pagbabago sa anumang oras. Ipapaalam ng KIBSD sa komunidad ang anumang mga pagbabago.

PAGGAMIT NG PANAKIP SA MUKHA

Kautusan sa pagsuot ng panakip sa mukha para sa mga tauhan at mga mag-aaral sa gusali ng paaralan. Kautusan sa pagsuot ng panakip sa mukha para sa lahat ng mag-aaral sa bus.

*Ang indibidwal na plano ng pagsuot ng panakip sa mukha ay maaaring binuo sa pamamagitan ng proseso ng IEP ng isang mag-aaral.

PAGSUSURI NG WALANG SINTOMAS

MGA NABAKUNAHANG INDIBIDWAL

Nakaiskedyul na pagsusuri sa walang sintomas ay HINDI inirerekomenda sa oras na ito.

MGA HINDI NABAKUNAHANG INDIBIDWAL

Ang walang sintomas na pagsusuri ay inirerekomenda. Mangyaring isaalang-alang ang pagsali sa walang sintomas na pagsusuri na programa.

Katibayan ng negatibong pagsusuri ay kinakailangan bago maglakbay para sa mga extracurricular na mga gawain ng KIBSD. (ang KIBSD ay makikipag-ugnayan sa walang sintomas na pagsusuri bago umalis.)

MALAPIT NA KONTAK KUWARENTENA

MGA NABAKUNAHANG INDIBIDWAL

Hindi na kailangan mag-kuwarentena kung nalantad sa isang taong may COVID-19. Magpasuri pagkatapos ng 3-5 araw na pagkalantad, kahit na walang sintomas. Kinakailangan din magsuot ng panakip sa mukha sa loob ng pampublikong lugar ng 14 na araw pagkatapos ng pagkalantad o hanggang ang resulta ng iyong pagsusuri ay negatibo.

MGA HINDI NABAKUNAHANG INDIBIDWAL

OPSYON 1: 7-araw na kuwarentena + COVID-19 na Negatibong pagsusuri (sa ika 6 na araw o pagkatapos) + walang sintomas= pagbabalik ika 8 na araw

OPSYON 2: 10 na araw ng kuwarentena + walang sintomas= pagbabalik ika 11 na araw

Karagdagang mga Kinakailangan para sa lahat ng malapit na kontak: kung ikaw ay nagkaroon ng mga sintomas sa loob ng 14 na araw ng pagkalantad (kahit na kung o hindi ka mananatili sa kuwarentena) dapat kaagad na ihimalay ang sarili at magpasuri. Kung nagkaroon ka ng sintomas anumang oras sa panahon ng kuwarentena, kailangan mong magbigay ng patunay ng isang negatibong pagsusuri na may petsa pagkatapos magsimula ang sintomas, sabihin ang pagbabago ng sintomas at sabihin kung hindi nagkaroon ng lagnat sa loob ng 24 na oras upang hindi na magkuwarentena.

POSITIBONG COVID-19 PAGSUSURING PAGHIHIWALAY

NABAKUNAHAN AT HINDI NABAKUNAHANG MGA INDIBIDWAL

Kuwarentena ng 10 na araw pagkatapos magsimula ang sintomas

Bumalik sa trabaho/paaralan sa ika-11 na araw pagkatapos ng hindi bababa sa 24 na oras ng walang lagnat ng walang paginum ng gamot, at ang ibang mga sintomas ay napabuti

Lahat ng indibidwal na nakakaranas ng COVID 19 na mga sintomas ay kinakailangan magpa-iskedyul ng pagsusuri sa isang lokal na manggagamot, at bumalik sa trabaho/paaralan lamang matapos makatanggap ng isang negatibong resulta – o kaya – pagkumpleto ng kuwarentena kung nakatanggap sila ng positibong resulta ng pagsusuri.

Ang rural schools ay gagawa ng COVID 19 na pamamaraan kasama ang kanilang mga pinuno ng kanilang kumunidad.

Kung may katanungan, tumawag sa 907 486 7586.

PAGLALAKBAY

MGA NABAKUNAHANG INDIBIDWAL

Walang pagsusuri na kinakailangan sa oras na ito hangga't ang indibidwal ay nananatiling walang sintomas.

Walang kuwarentena na kinakailangan sa oras na ito.

MGA HINDI NABAKUNAHANG INDIBIDWAL

Mga paglalakbay sa Estado

Walang pagsusuri na kinakailangan sa oras na ito hangga't ang indibidwal ay nananatiling walang sintomas.

Walang kuwarentena na kinakailangan sa oras na ito

Paglalakbay sa labas ng Estado o Bansa

Matinding inirerekomenda ang pagsusuri hanggang sa 48 na oras bago bumalik sa Kodiak o anumang oras pagdating. Kung ang manlalakbay ay hindi makakuha ng pagsusuri sa airport o sa lokal na klinika, mangyaring tawagan ang nars ng paaralan para sa tulong.

Ang kasunod na pangalawang negatibong pagsusuri ay mahigpit na inirerekomenda limang araw matapos bumalik.

Nakatanggap ka na ba ng positibong COVID 19 na pagsusuri sa loob ng 90 na araw?

Ang positibong resulta ng pagsusuri ay hindi ka na kasama sa pagsusuri o mag kuwarentena na may kinalaman sa paglalakbay o pagiging malapit na kontak.

Lahat ng tauhan at estudyante ay magsisikap na panatilihin ng hindi bababa sa tatlong talampakan na pisikal na distansya.

